Republic of the Philippines
**Department of Education**
Caraga Region
SCHOOLS DIVISION OF SURIGAO DEL SUR

**Tanggapan ng Tagapamanihalang Pansangay**

**27 Hulyo 2023**

Pansangay na Memorandum
Blg. 409, s. 2023

To: Tagamasid Pampurok
Mga Punong Guro
Sa iba pang sangkot
Sa sangay na ito

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2023**

1. Alinsunod sa Pangkagawarang Memorandum Blg 036 s. 2023, ang pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa** ay sa Agosto 1-31, 2023 na may temang ***Filipino at Mga Katutubong Wika: Wika ng Kapayapaan, Seguridad at Ingklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan.***
2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang sumusunod:
    a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg 1041;
    b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Filipino ukol sa wika at kasaysayan nito.
    c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
    d. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.
    e. Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga progmang pangwika.

3. Hinihikayat ang mga paaralan at distrito na magkaroon ng lunsarang programa at magpatupad ng mga mungkahing gawaing nakasaad sa Memorandum Pangkagawaran Blg 036 s. 2023 sa loob ng isang buwan.

4. Pinapayuhan din ang lahat ng kawani ng dibisyon na magsalita ng wikang Filipino at magsuot ng kasuotang Filipino/katutubo tuwing lunes sa buong buwan ng Agosto.

5. Bilang bahagi ng pagdiriwang, magkaroon ng lingguhang birtuwal na pagsasanay sa lahat ng mga guro sa Filipino gamit ang DepEd Tayo

Surigao del Sur FB Page. Ang paksa ay nakasentro sa ortograpiyang Filipino.
Narito ang mga tagapanayam sa lingguhang pagsasanay

| Linggo | Paksa | Tagapanayam | Posisyon | Paaralan | Distrito |
|---|---|---|---|---|---|
| Unang Linggo | Grafema, pantig at palapantigan, pagbaybay ng salita | Maridel V. Casaba | MT-I | Tina CES | San Miguel 2 |
| Ikalawang Linggo | Pag baybay na pasulat, kasong kambal-patinig, kambal-katinig at digrapo- | May Joy Guiral | MT-I | Babuyan ES | Carrascal |
| | | Alice B. Maglinte | MT-II | Madrid NHS | Madrid |
| Ikatlong Linggo | Palitang e/i at o at u, pagpapalit ng D at R, Kailan ng at kailan ng Nang | Japeth D. Arlaleljo | T-III | Sta Cruz ES | Marihatag |
| | | Marvin Ranario | MT-I | Barobo NHS | Barobo 1 |
| Ikaapat na Linggo | Pagbabalik ng tuldik, wastong gamit ng gitling | Jake D. Fraga | MT-II | Dugmanon ES | Hinatuan West |

6. Magkaroon din ng patimpalak para sa mga guro at mag-aaral.

| Patimpalak | Bilang ng Kalahok | Baitang | Wikang Gagamitin/Sayaw |
|---|---|---|---|
| Para sa mga Mag-aaral | | | |
| Awiting Katutubo | 1 Mag-aaral | Baitang 4-6 | Wikang Katutubo ng Mindano |
| Katutubong Sayaw | 10 Mag-aaral (5 Pares) | Baitang 7-10 | Mindanao |
| Spoken Poetry | 1 Mag-aaral | Baitang 11-12 | Wikang Filipino |
| Para sa mga Guro | | | |
| Pagsulat ng Tula | 1 Guro | Baitang 1-3 | Wikang Filipino |
| Pagsulat ng Kuwento | 1 Guro | Baitang 4-6 | Wikang Filipino |
| Pagsulat ng Sanaysay | 1 Guro | Baitang 7-10 | Wikang Filipino |
| Pagsulat ng Pananaliksik sa siyensiya at teknolohiya | 1 Guro | Baitang 11-12 | Wikang Filipino |

7. Ang bawat distrito ay inaasahang makilahok sa lahat ng patimpalak at magsumite ng piyesa at video sa darating na Agosto 18, 2023 sa email na ito irene.ajoc003@deped.gov.ph.

8. Ang pampinid na program ay gaganapin sa **Setyembre 1, 2023** sa Distrito ng Tagbina. Bahagi ng programa ang pagkakaroon ng patimpalak sa awiting katutubo, katutubong sayaw at spoken poetry, ang mapipiling tatlong pinakamahusay na kalahok na lamang ang maglalaban-laban. Magkakaroon din ng paggawad sa mga nagwagi sa patimpalak ng mga guro.

9. Kalakip ng memorandum na ito ang mga panuntunan, patnubay, batayan sa kapasyahan para sa paligsahan.

10. Magkakaroon ng **Pre-work Conference ang mga pandistritong tagapag-ugnay sa Filipino at TWG** sa Agosto 29, 2023, 2:00- 5:00 nh sa pamamagitan ng link na ito https://meet.google.com/bpv-ygai-qom.

11. Hinihiling ang maaga, malawakan at dagliang pagpalaganap ng memorandum na ito.

**NELIA S. LOMOCSO, PhD CESO V**
Tagapamanihalang Pansangay

Kalakip.:
(1) Pamantayan sa Paligsahan
(2) Daloy ng Pagpupulong
(3) Kalahok sa Pagpupulong
Sanggunian: DM 036 s. 2023
Ilagay sa Palagiang Talatuntunan
Sa ilalim ng sumusunod na paksa:
FILIPINO PAGDIRIWANG BUWAN NG WIKA
IGA//DM- PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2023
_______/Hulyo 27, 2023